# Modyul 7
# Pagsusuri ng Akda Batay sa Teoryang Feminismo



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Magandang araw sa iyo! Kumusta ang nakaraan mong aralin? Alam kong marami kang natutunan dito; kaya heto't may panibagong aralin na naman akong inihanda para sa iyo na higit na magpapaunlad sa iyong mga kaalaman.

Pamilyar ka ba sa mga akdang Asyano? Sa modyul na ito'y matutunghayan mo ang dalawang akdang Asyano, ang una'y mula sa Indonesia kung saan isang liham ng isang Prinsesang Javanese ang iyong mababasa. Ito'y tumatalakay sa kagustuhan niyang makalaya sa paniniwala sa kanilang bayan na ang mga babae'y pantahanan lamang. Ang akdang aking tinutukoy ay ang Kay Estella Zeehandelaar, isinalin ito sa ating wika ng magaling na manunulat na si Ruth Elynia S. Mabanglo.

Sa ikalawang akda'y mapapatunayang hindi madaling takasan ang isang mortal na kasalanang nagawa dahil di ka patatahimikin ng iyong konsensiya. Yan ang tema ng kuwento mula sa mga Hapones; isinulat ni Ryunosuke Akutagawa at isinalin ng batikang si Lualhati Bautista sa ating wika.


Nakatitiyak akong pareho mong maiibigan ang mga akdang ito, bukod pa riyan muli na namang mahahasa ang iyong kakayahan sa iba't ibang pagsusuri, tulad ng panlinggwistika, pangnilalaman at pampanitikan sa tulong siyempre ng mga inihanda kong gawain.

Marahil ay handa ka na, sige simulan mo na.



## Ano ang matututunan mo?

Nagagamit na batayan sa mapanuring pagbasa ng akdang pampanitikan ang iba't ibang pamantayan at batayang kaalaman.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng isang kaibigan malaki ang maitutulong sa iyo ng modyul na ito lalo pa't susundin mo ang mga tuntunin o panuto sa paggamit nito. Ito'y talagang inihanda ko para mas mabilis ang iyong pagkatuto.

1. Sagutin mo ang panimulang pagsusulit sa bahaging "Ano Na Ba Ang Alam Mo? " Ito'y sukatan ng lawak kung ano ang nalalaman mo o kabatiran sa paksa.

2. Sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro, iwasto mo ang iyong sagot. Marami man ang maging kamalian mo huwag mag-alala dahil tutulungan ka ng mga gawaing inilaan para sa iyo

3. Basahin at unawain mong mabuti ang mga aralin.

4. Sagutin mo ang mga gawain sa hiwalay na papel, di dapat sulatan ang modyul.

5. Tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit sa bahaging "Gaano ka na kahusay?"pagkatapos iwasto mo ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

6. Gamitin mo nang maayos at ingatan ang modyul na ito na huwag masira o mapunit kaya.

7. Laging tandaan ang pagiging matapat sa pagsagot at pagwawasto ng iyong mga gawa.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Ops…huwag kang kabahan sa pagsusulit na ito! Ito'y panimulang pagsubok upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa akdang nakatakda mong basahin.

Panuto: Basahin ang mga pahayag, piliin at isulat ang wastong sagot. Titik lamang ang isulat.

1. Bihira sa mga babaeng moderno ang naniniwala sa kasagraduhan ng kasal.

   a. makabago
   b. mapagmataas
   c. masayahin
   d. matiisin

2. Kahit noong maliit pa ako'y may pang-akit na sa aking pandinig ang salitang <u>emansipasyon</u>

   a . kaunlaran
   b. pagbabago
   c. pamayanan
   d. sibilisasyon

3. Ano ang nais ipakahulugan ng "Mas mapalad ka, mahal ka niya, sa aki'y walang nagmamahal"?

   a. Malungkot ang walang nagmamahal
   b. Magmahal ka upang may magmahal sa iyo
   c. Mapalad ang taong nagmamahal
   d. Mahal mo siya ngunit di ka niya mahal

4. Alin sa mga sumusunod ang hindi katangian ng isang babaeng moderno ayon sa may akda?

   a. mapagmataas
   b. masaya
   c. malaya
   d. maagap

5. Sino ang ibig makakilala ng isang "babaeng moderno"?

   a. Estella Zeehandelaar
   b. Prinsesang Javanese
   c. Pangeran Ario
   d. Reyna Wilhemina

6. Ano lamang ang nais ni Morito kay Kesa?
   a. kayamanan
   b. katauhan
   c. kabaitan
   d. kaalaman

7. Ang akdang Kay Estella Zeehandelaar ay isang

   a. dula
   b. liham
   c. sanaysay
   d. tula

8. Para sa iyo nakatutulong nga ba ang mga kababaihan sa isang lipunan?

   a. hindi dahil mahihina sila
   b. hindi dahil pantahanan lamang sila.
   c. oo, dahil magagawa ng babae ang anumang bagay
   d. oo, dahil hindi kumpleto ang lipunang walang babae

9. Kung halimbawang isa kang prinsesa at hindi mo nakamit ang iyong nais, ano ang gagawin mo?

   a. magrebelde
   b. magmukmok
   c. hihingi ng payo
   d. hindi mawawalan ng pag-asa

10. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa?

   a. pagbibigay ng oras sa mga maysakit
   b. pagdamay sa sandali ng pagdadalamhati
   c. pagpapautang ng patubuan sa oras ng kagipitan
   d. pagtanggap sa kanya maging sino o ano man siya

Naging mahirap ba ang katatapos na pagsusulit?

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Marami ka bang kamalian? Huwag mag-alala panimula pa lang naman iyan Kaya nga narito ako para tulungan ka.

# Aralin I – KAY ESTELLA ZEEHANDELAAR



### *Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na mga kasanayan.

1. Nabibigyang kahulugan ang mga pahayag at mga salita na ginamit sa akda.

2. Natutukoy ang mahahalagang detalye at kaisipan sa akda

3. Nasusuri ang akda batay sa paglalarawan ng tauhang babae sa akda

4. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng pagmamalasakit sa karapatan ng kapwa


5. Nakasusulat ng isang talata tungkol sa paglalarawan ng katangian at kadakilaan ng isang babae

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo …**

Panimula

a. Paghambingin ang isang moderno at isang primitibong tao sa tulong ng dayagram na ito




A-moderno

B-primitibo

AB- pagkakatulad

b. Maituturing mo bang ang iyong sarili na isang modernong tao? Patunayan.

Madali mo bang naisasagawa ang inihanda kong gawain? Tingnan mo sa susi sa pagwawasto kung napaghambing mo ang isang moderno sa isang primitibong tao.

Ang katatapos na gawain ay malaki ang kinalaman sa akdang iyong susuriin. Basahin mo at unawaing mabuti ang nilalaman nito.

**2. Basahin mo…**

**Kay Estella Zeehandelar**
**(Panitikang Indonesian)**

**Mula sa mga liham ng isang Prinsesang Javanese**
**Salin ni Ruth Elynia S. Mabanglo**

Japara , Mayo 25, 1899

Ibig na ibig kong makakilala ng isang "babaeng moderno," iyong babaeng malaya, nakakapagmamalaki't makaaakit ng aking loob! Iyong masaya, may tiwala sa sarili, masigla't maagap na hinaharap ang buhay, puno ng tuwa at sigasig, pinagsisikapan hindi lamang ang sariling kapakanan at kaligayahan kundi maging ang kabutihan ng buong sangkatauhan.

Buong kasabikan kong sinasalubong ang pagdating ng bagong panahon; totoong sa puso't isip ko'y hindi ako nabibilang sa daigdig ng mga katutubo, kundi sa piling ng aking mga puting kapatid na babae na tumatanaw sa malayong Kanluran.

Kung pahihintulutan lamang ng mga batas ng aking bayan, wala akong ibig gawin kundi ang ipagkaloob ang aking sarili sa mga nagtatrabaho't nagsisikap na bagong kababaihan ng Europa; subalit nakatali ako sa mga lumang tradisyong hindi maaring suwayin. Balang araw maaring lumawig ang tali at kami'y pawalan, ngunit lubhang malayo pa ang panahong iyon. Alam ko, maaring dumating iyon, ngunit baka pagkatapos pa ng tatlo o apat na henerasyon. Alam mo ba kung paano mahalin ang bago at batang panahong ito nang buong puso't kaluluwa kahit nakatali sa lahat ng batas, kaugalian at kumbensyon ng sariling bayan? Tuwirang sumasalungat sa kaunlarang hinahangad ko para sa aking mga kababayan ang lahat ng mga institusyon namin.Wala akong iniisip gabi't araw kundi ang makagawa ng paraang malabanan ang mga lumang tradisyon namin. Alam kong para sa aking sarili'y magagawa kong iwasan o putulin ang mga ito, kaya lamang ay may mga buklod na matibay pa sa alinmang lumang tradisyon na pumipigil sa akin; at ito ang pagmamahal na inuukol ko sa mga pinagkakautangan ko ng buhay, mga taong nararapat kong pasalamatan sa lahat ng bagay. May karapatan ba akong wasakin ang puso ng mga taong walang naibigay sa akin kundi pagmamahal at kabutihan, mga taong nag-alaga sa akin nang buong pagsuyo?

Ngunit hindi lamang tinig nito ang umaabot sa akin; ang malayo, marikit at bagong- silang na Europa ay nagtutulak sa aking maghangad ng mga pagbabago sa kasalukuyang kalagayan. Kahit noong musmos pa ako'y may pang-akit na sa aking pandinig ang salitang "emansipasyon;" may isang naiibang kabuluhan ito, isang kahulugang hindi maabot ng aking pang-unawa. Gumigising ito sa akin para hangarin ang pagsasarili at kalayaan – isang paghahangad na makatayong mag-isa. Ang puso ko'y sinusugatan ng mga kondisyong nakapaligid sa akin at sa iba, buong lungkot na pinag-aalab ang mithiin kong magising ang aking bayan.

Patuloy na lumalapit ang mga tinig na galing sa malalayong lupain, umaabot sa akin, at sa kasiyahan ng ilang nagmamahal sa akin at sa kalungkutan ng iba, dala nito ang binhing sumupling sa aking puso, nag-ugat, sumibol hanggang sa lumakas at sumigla.

Ngayo'y kailangang sabihin ko ang ilang bagay ukol sa sarili upang magkakilala tayo.

Panganay ako sa tatlong babaing anak ng Regent ng Japara. Ako'y may anim na kapatid na lalaki at babae. Ang lolo kong Pangeran Ario Tjondronegoro ng Demak ay isang kilalang lider ng kilusang progresibo noong kapanahunan niya. Siya rin ang kauna-unahang regent ng gitnang Java na nagbukas ng pinto para sa mga panauhin mula sa ibayong dagat – ang sibilisasyong Kanluran. Lahat ng mga anak niya'y may edukasyong European, at halos lahat ng iyon (na ang ilan ay patay na ngayon) ay umiibig o umibig sa kaunlarang minana sa kanilang ama; at nagdulot naman ito sa mga anak nila ng uri ng pagpapalaking nagisnan nila mismo.

Karamihan sa mga pinsan ko't nakakatandang kapatid na lalaki ay nag-aral sa Hoogere-Burger School, ang pinakamataas na institusyon ng karunungang matatagpuan dito sa Java. Ang bunso sa tatlong nakakatandang kapatid kong lalaki'y tatlong taon na ngayong nag-aaral sa Netherlands, at naglilingkod din naman doon bilang sundalo ang dalawa pa. Samantala, kaming mga babae'y bahagya nang magkaroon ng pagkakataong makapag-aral dahil na rin sa kahigpitan ng aming mga lumang tradisyon at kumbensyon. Labag sa aming kaugaliang pag-aralin ang mga babae, lalo't kailangang lumabas ng bahay araw-araw para pumasok sa eskwela. Ipinagbabawal ng aming kaugalian na lumabas man lamang ng bahay ang babae. Hindi kami pinapayagang pumunta saanman, liban lamang kung sa paaralan, at ang tanging lugar ng pagtuturong maipagmamalaki ng siyudad namin na bukas sa mga babae ang libreng grammar school ng mga European.

Nang tumuntong ako ng ikalabindalawang taong gulang, ako ay itinali sa bahay – kinailangang "ikahon" ako. Ikinulong ako at pinagbawalang makipag-ugnayan sa mundong nasa labas ng bahay, ang mundong hindi ko na makikita marahil liban kung kasama ko na ang mapapangasawang estranghero, isang di-kilalang lalaking pinili ng mga magulang ko, ang lalaking ipinagkasundo sa akin nang di ko namamalayan. Noong bandang huli, nalaman kong tinangka ng mga kaibigan kong European na mabago ang pasyang ito ng mga magulang ko para sa akin, isang musmos pa na nagmamahal sa buhay, subalit wala silang nagawa. Hindi nahikayat ang mga magulang ko; nakulong ako nang tuluyan. Apat na mahahabang taon ang tinagal ko sa pagitan ng makakapal na pader, at hindi ko nasilayan minsan man ang mundong nasa labas.

Hindi ko alam kung paano ko pinalipas ang mga oras.Ang tanging kaligayahang naiwan sa aki'y ang pagbabasa ng mga librong Dutch at ang pakikipagsulatan sa mga kaibigang Dutch na hindi naman ipinagbawal. Ito-ito lamang ang nag-iisang liwanag na nagpakulay sa hungkag at kainip-inip na panahong iyon, na kung inalis pa sa akin ay lalo nang naging kaawa-awa ang kalagayan ko. Lalo sigurong nawalan ng kabuluhan ang buhay ko't kaluluwa. Subalit dumating ang kaibigan ko't tagapaligtas – ang Diwa ng Panahon; umalingawngaw sa lahat ng dako ang mga yabag niya. Nayanig sa paglapit niya ang palalo't matatag na balangkas ng mga lumang tradisyon. Nabuksan ang mag pintong mahigpit na nakasara, kusa ang iba, ang iba nama'y pilit at bahagya lamang ngunit bumukas pa rin at ipinasok ang mga inanyayahang panauhin

Sa wakas, nakita kong muli ang mundo sa labas nang ako'y maglabing-anim na taon. Salamat sa Diyos! Malalabasan ko ang aking kulungan nang malaya at hindi nakatali sa isang kung sinong bridegroom. At mabilis pang sumunod ang mga pangyayring nagpabalik sa aming mga babae ng mga nawala naming kalayaan.

Nang sumunod na taon, sa oras ng pagtatalaga sa poder ng bata pang Prinsesa (bilang Reyna Wilhemina ng Netherlands), "opisyal" na inihandog sa amin ng mga magulang namin ang aming kalayaan. Sa kauna-unahang pagkakataon sa aming buhay, pinayagan kaming umalis sa bayan namin at pumunta sa siyudad na pinagdarausan ng pagdiriwang para sa okasyong iyon. Anong dakilang tagumpay iyon! Ang maipakita ng mga kabataang babaeng tulad namin ang sarili sa labas, na imposibleng mangyari noon. Nasindak ang "mundo;" naging usap-usapan ang "krimeng" iyon na dito'y wala pang nakagagawa. Nagsaya ang aming mga kaibigang European, at para naman sa amin, walang reynang yayaman pa sa amin. Subalit hindi pa ako nasisiyahan. Lagi, ibig kong makarating sa malayo, mas malayo. Wala akong hangaring makipamista, o maglibang. Hindi iyon ang dahilan ng paghahangad kong magkaroon ng kalayaan. Ibig kong maging malaya upang makatayo nang mag-isa, mag-aral, hindi para mapailalim sa sinuman, at higit sa lahat, hindi para pag-asawahin nang sapilitan.

Ngunit dapat tayong mag-asawa, dapat, dapat. Ang hindi pag-aasawa ang pinakamalaking kasalanang magagawa ng isang babaeng Muslim; ito ang pinakamalaking kahihiyang maipagkakaloob ng isang katutubong babae sa kayang pamilya.

At ang pag-aasawa para sa amin, mababaw pa ngang ekspresyon ang sabihing miserable. At paano nga ba hindi magkakaganoon, kung tila ginawa lamang para sa lalaki ang mga batas, kung pabor para sa lalaki at hindi para sa babae ang batas at kumbensyon; kung ang lahat ng kaluwaga'y para sa kanya lang?

### 3. Linangin Mo ….

#### a. Pagsusuring Panlinggwistika

Piliin sa hanay B ang pinakamalapit na kahulugan ng mga pahayag na nasa hanay A

| A | B |
|---|---|
| 1. "May karapatan ba akong wasakin ang puso ng mga taong walang naibigay sa akin kundi pagmamahal at kabutihan?" | a. alam niya sa kanyang sarili na may ibang mundo siyang nais galawan |
| 2. "Totoong sa puso't isip ko'y hindi ako nabibilang sa daigdig ng mga European" | b. Ang kinagisnang paniniwala ay kinakailangang sundin sa ayaw man niya't gusto |
| 3. "Nakatali ako sa mga lumang tradisyon na hindi maaaring suwayin" | c. Di niya magagawang sawayin ang mga taong nagmamahal sa kaniya |
| 4. "Tuwirang sumasalungat sa mga kaunlarang hinahangad ko para sa aking mga kababayan ang lahat ng mga institusyon namin" | d. Magkaibang-magkaiba ang ninanais ng prinsesa para sa kanyang mga kababayan. Ang kanilang pamahalaan, simbahan |

maging ang kaniyang pamilya.

5. Ibig kong maging malaya upang makatayo nang mag-isa, mag-aral hindi para mapasa-ilalim sa sinuman at higit sa lahat, hindi para pag-asawahin nang sapilitan”

e. Mistulang bilanggo ang mundo ng prinsesa dahil sa kanilang tradisyon

6. “Apat na mahabang taon ang tinagal ko sa pagitan ng makapal na pader at hindi ko nasilayan minsan man ang mundong nasa labas

f. Nakalaya ang prinsesa nang hindi kinakailangang magpakasal sa isang lalaki

7. “Salamat sa Diyos! Malalabasan ko ang aking kulungan nang malaya at hindi nakatali sa kung sinong “Bridegroom”


g. Ninanais ng prinsesang magawa ang nais niya para sa pagpapaunlad ng kanyang sarili hindi para sa kanyang mapapangasawa

**b. Pagsusuring Pangnilalaman:**

Ibigay ang detalye sa akda na sumusuporta o kumokontra sa mga sumusunod

| Pahayag | Detalye |
|---|---|
| 1. Kolonya ang Java ng Netherlands noong panahong iyon | |
| 2. Nasisiyahan ang nagsasalita sa kanyang kasalukuyang kalagayan | |
| 3. Maaaring masaktan ang mga mahal sa buhay ng nagsasalita kapag kinalimutan niya ang mga tradisyon ng kanilang lipunan | |

Ano ang pangunahing kaisipan ng akda? Anu-anong mga detalye ang lumilinang sa kaisipang ito?




**c. Pagsusuring Pampanitikan:**

Bago mo gawin ang susunod na gawain, basahin mo muna ang nasa loob ng kahon.

> Ang teoryang feminismo ay prinsipyo o paniniwalang dapat maging pantay ang mga babae at mga lalake sa pagtatamasa ng mga karapatang sosyal, ekonomiko at political. Bilang isang teoryang pampanitikan, layunin nito ang mauunawaan ang di pagkakapantay-pantay ng mga lalaki at babae.

Sa teoryang ito dapat nagtatanghal sa pagkatao ng babaeng tauhan. Naglalaman din ng kalakasan at kahinaan ng tauhang babae o ang tauhang babae ay naging suliranin sa akda.

1. Anu-anong katangian ang ipinamalas ng prinsesa batay sa mga sumusunod niyang pahayag?

| 1 | 2 |
|---|---|
| Kung pahihintulutan lamang ng mga batas ng bayan, wala akong ibig gawin kundi ang ipagkaloob ang sarili sa mga nagtatrabaho't nagsisikap na bagong kababaihan sa Europa | Para sa amin walang reynang yayaman pa sa amin, subalit hindi ako nasiyahan. Lagi ibig kong makarating sa malayo, sa malayo. |
| **3** | **4** |
| Balang araw maaring lumuwag ang tali at kami ay pawalan. | Wala akong inisip gabi't araw kundi ang makagawa ng paraang malabanan ang mga lumang tradisyon namin. |

5

Ibig kong maging malaya upang makatayo nang mag-isa, mag-aral hindi para mapailalim sa sinuman at higit sa lahat hindi para pag-asawahin nang sapilitan.

Mga Pagpipilian

a. Hindi madaling mawalan ng pag-asa
b. Maraming pangarap sa buhay
c. Matapang at may sariling paninindigan
d. May kaisipang malaya
e. May malasakit sa kapwa

f. Rebelde at ayaw pasakop sa pamahalaan

1. Anu-ano ang mga prebiliheyo ng mga lalaking Indones na wala sa mga babae?

**Halagang Pangkatauhan**

1. Kung ikaw ang tatanungin tama ba ang ginawa ng prinsesa na hanapin ang mga modernong kababaihan?

2. Isa kang prinsesa na walang kalayaan, gusto mong maging malaya at makatuklas ng iba pang bagay. Gagawin mo rin ba ang ginawa ng prinsesa sa akda?

Magaan ba ang mga gawaing katatapos mong isagawa? Sige iwasto mo ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung wala namang naging problema sa nakaraang gawain, heto't may karagdagan pa ako para sa pagpapayaman ng iyong kaalaman sa tulong ng mga gawaing magpapalawak at magpapalalim sa iyong kaisipan.

**4. Palalimin mo …**

Kung isa ka sa mga kapatid ng prinsesa, paano mo siya tutulungan upang makilala ang modernong kababaihan. Lagyan ng tsek ☑ ang mga titik na napili at ekis **X** ang di napili:

______a. tutulungan ko siyang tumakas

______b. pagpapayuhan ko siya na kung alin ang tama iyon ang sundin niya

______c. pababayaan ko na lang siya, problema lang iyan

______d. pagagalitan ko siya

______e. ihuhulog ang mga liham na gawa niya upang magkaroon siya ng kahit kaibigan lang

______f. tutulungan ko siyang kumbinsihin ang aming mga magulang upang makadalo kami sa isang pagtitipon o makapamasyal

Kung ikaw ang ama nila, paano mo palalakihin ang inyong mag anak? Lagyan ng tsek☑ ang napili at ekis **X** ang hindi:

______a. may pagmamahal at pagpapahalaga sa nararamdaman

______b.  kailangang sumunod sa lahat ng utos ng magulang

______c.  susundin ang lahat ng makaliligaya sa bata

______d.  bubusugin sa pagmamahal

______e.  hihingi ng pang-unawa sa kinagisnang tradisyon

______f.  pabayaan sa anumang gawin nila sa kanilang buhay

Naging madali ba ang gawain?  Iwasto mo ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**5. Gamitin mo ….**

Pumili ka ng mga suhestiyon kung paano tataas ang katayuan ng mga Pilipina sa paningin ng mga taga ibang bansa o karatig bayan.  Ang pagpipilian ay nasa kahon sa ibaba. Isulat lamang ang titik ng iyong napiling suhestiyon.

a. Magtapos ng pag-aaral

b. Iwasang masangkot sa "Mail order bride"

c. Huwag nang pumasok ng katulong lalo na sa ibang bansa

d. Di  dapat masilaw sa regalo o pera sakaling may manligaw lalo na kung dayuhan

e. Paunlarin pa ang mga talentong ipinagkaloob ng Diyos, gamitin ito sa makabubuting gawain

f. Huwag magpakasal sa lalaking di naman mahal masunod lamang ang luho ng katawan

g. Huwag nang mangibang bansa

h. Laging isaisip na di na maibabalik pa ang dangal na nasira kaya pakaingatan ito tulad sa isang kristal

Sigurado ka ba sa mga suhestiyong napili mo?  Sige iwasto mo ang iyong sagot. Pagkatapos mong iwasto heto pa ang isang gawaing magpapakita ng galing mo sa pagsulat.

**6.  Sulatin mo..**

Paano mo ilalarawan ang ating Pangulong Gloria Macapagal Arroyo?  Sumulat ng 2-3 talata tungkol sa kanyang kadakilaan at katangian bilang isang ina, asawa, lalo na bilang isang lider ng ating bansa.

Nagawa mo ba ang talatang ipinagawa ko? Kung ang iyong ginawa'y binubuo ng 2 hanggang 3 talata at nailarawan mo sa pamamagitan ng pagbibigay ng katangian ng ating pangulo pasado na ang iyong gawa.

**7. Lagumin mo…**

Basahin ang mga sumusunod na kaisipan. Piliin ang mga titik na maiuugnay sa akdang binasa..

a. Kung may katwiran ipaglaban mo

b. Ang batas ay ginawa para sa lahat, hindi sa ilan lamang

c. Ang anak na di paluhain, ina ang patatangisin

d. Matuto tayong gumalang sa karapatan ng bawat isa

e. Nasa pagkakaisa ang tagumpay na ipinaglalaban

f. Dapat isaalang-alang ang damdamin ng kapwa maging anuman ang iyong paniwala

g. Ang pagbibigay ng prebiliheyo ay para sa lahat

**8. Subukin mo …**

Sapat na ba ang kaalamang natutunan mo sa panitikang Indones na iyong binasa? Subukan natin. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit.

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot

1. "<u>Opisyal na inihandog </u>ng aking mga magulang ang aking kalayaan"

   a. ordinaryong pagbibigay
   b. ibinigay ng nakatataas
   c. espesyal na ibinigay
   d. kumpirmadong ibinigay

2. "Sa wakas lumuwag ang tali ng aking buhay"

   a. nakahinga nang maluwag
   b. nagkaroon ng kalayaan
   c. naging payat
   d. nasiraan ng bait

3. Madalas ang puso ko'y sinugatan ng aming tradisyon

   a. emosyonal na sakit
   b. nagdurugong damdamin
   c. pagkakaroon ng atake sa puso
   d. pagrerebelde ng damdamin

4. Kanino nais ipagkaloob ng prinsesa ang kanyang sarili?

   a. sa bagong kababaihan sa Europa
   b. sa mga mahihirap
   c. sa lahat ng tao
   d. sa mga kabataan

5. Anong panahon ang kinasasabikang salubungin ng prinsesa?

   a. lumang panahon
   b. malayong panahon
   c. bagong panahon
   d. panahon ng bata

6. Pang-ilan ang prinsesa sa tatlong anak na babae ng "regent" ng Japara?

   a. bunso
   b. pangalawa
   c. panganay
   d. wala sa nabanggit

7. Ano ang paniwala ng mga Javanese sa mga kababaihan?

   a. ang babae'y para sa bahay lamang
   b. ang mga babae'y di na dapat pinagtatapos ng pag-aaral
   c. malaking kasalanan sa mga babaeng Muslim ang di makapag-asawa
   d. lahat ng nasa itaas

8. Alin sa mga sumusunod ang dahilan ng pagrerebelde ng damdamin ng prinsesa?

   a. ang modernong babae ay Malaya, ang tradisyonal na babae ay di Malaya
   b. ang lalaki ay dapat mag-aral, ang babae ay sa bahay lang
   c. ang kanyang mana ay maliit lamang, ang mana ng kanyang mga kapatid ay malaki
   d. tama ang a at b

9. Kung ikaw ang prinsesa, nanaisin mo rin bang maging malaya?

   a. Hindi! Dahil masaya na ako.
   b. Oo! Dahil karapatan kong maging malaya.
   c. Oo! Dahil nakakainip mag-isa.

d. Hindi! Dahil masaya namang mag-isa

10. Paano mo bibigyan ng payo ang prinsesa tungkol sa kanyang hangaring maging malaya?
   a. sasabihin ko sa kanya na maghimagsik siya
   b. sasabihin ko sa kanya na kausapin niya ang kanyang ama tungkol dito
   c. sasabihin ko sa kanya na suwayin niya ang kanilang tradisyon
   d. hahayaan ko lang siya sa kanyang nais

Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong iskor ay 7 – 10, pumunta ka na sa susunod na aralin at kung ang iskor mo ay 6 pababa. Gawin mo ang susunod na pagsasanay.

**9. Paunlarin mo….**

Sa tulong ng mga susing salita, ayusin mo ang mga ginulong salita sa kahon upang mabuo mo ang mga kaisipan na makukuha sa akdang iyong binasa.

A

| | | | |
|---|---|---|---|
| Ano | nilalang | silbi | taglay |
| Pa | kung | ng | kalayaang |
| Ang | walang | isang | |

B

| | | |
|---|---|---|
| Ang | pantay | na |
| pagrerebelde | ay | di |
| maaaring | pagtingin | |
| magreresulta | ng | |

Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Tama bang lahat ang pagkakaayos mo ng mga salita? Kung ganoon dumako ka na sa ikalawang akda

# Aralin 2: SI KESA AT MORITO

Unang bahagi: Monologo ni Morito
Ikalawang bahagi: Monologo ni Kesa

Mula sa 'RASDOMM' atbp ni Ryunosure Akutagawa
Salin ni Lualhati Bautista



## Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong mapag-aralan ang modyul na ito matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Naibibigay ang kahulugan ng pahiwatig sa akda
2. Nailalahad ang mahalagang impormasyon ukol sa kwento
3. Nasusuri ang kuwento batay sa paglalarawan ng tauhang babae sa akda
4. Natutukoy ang kahalagahan ng pag-iingat sa dangal o kapurihan ng isang tao
5. Naisusulat ang tungkol sa pagkakaiba ng mga babae noon at ngayon

## B Mga gawain sa pagkatuto

**1. Alamin mo…**

a. Ibigay ang sanhi at bunga ng inilahad na pangyayari

| | |
|---|---|
| Pagtataksil | sanhi |
| ng babae sa | |
| asawa | bunga |

b. Masisisi ba natin ang mga babaeng gumagawa nito?

Sa susunod na aralin na iyong babasahin tingnan at suriin mo kung tama ba ang ginawa ng pangunahing tauhang babae na pagtataksil sa kanyang asawa?

**2. Basahin mo…**

Ang mababasa mo'y mula sa Panitikang Hapones na isinalin sa ating wika ni Lualhati Bautista

## Si Kesa at Morito

*Unang bahagi: Monologo ni Morito*

Sa pagkakatingin sa buwan habang nag-iisip, naglalakad si Morito sa ibabaw ng mga lagas na dahon sa makalabas ng bakod ng kanyang bahay:

Sumikat na ngayon ang buwan. Karaniwang hinihintay ko nang may pagkainip ang pagsikat ng buwan. Pero ngayong gabi, ang maliwanag na sikat ng buwan ay yanig at sumisindak sa akin. Kinikilabutan akong isipin na ang gabing ito ay magwawakas sa aking kasalukuyang sarili at gagawin akong isang karumal-dumal na mamamatay-tao. Isipin na lang kapag ang mga kamay na ito'y namula sa dugo! Anong kasumpa-sumpang nilalang ang magiging tingin ko sa aking sarili kapag nagkaganoon! Ang puso ko'y di mababagbag sa sakit kung papatay ako ng isang kaaway na kinasusuklaman ko, pero ngayong gabi ay kailangan kong patayin ang isang lalaking hindi ko kinasusuklaman.

Matagal ko na siyang kilala. Kahit kamakailan ko lang nalaman ang kanyang pangalan, Wataru Saemonno-jo, mula't sapul pa'y kilala ko na ang kanyang magandang mukha. Nang matuklasan ko na asawa siya ni Kesa, totoong sandali rin akong nag-apoy sa panibugho. Pero ngayon ang paninibugho ko'y napawi na, hindi nag-iwan ng anumang bakas sa aking isip o puso. Kaya para sa aking karibal sa pag-ibig, wala akong pagkamuhi o masamang hangarin. Manapa, mabuti ang isipin ko para sa kanya. Nang sabihin sa akin ng tiya ko, si Komorogawa, kung paano niya pinagsikapan at pinagsakitang makuha ang puso ni Kesa, nakadama ako ng simpatya sa kanya. Naunawaan ko, na sa buong hangarin niya na mapangasawa ito, pinaghirapan pa niyang matutong sumulat ng tula. Hindi ko maisip na ang simple at nakakabagot na lalaking iyon ay sumusulat ng mga tula ng pag-ibig, at isang ngiti ang gumuguhit sa aking labi sa kabila ng damdamin ko. Hindi ito ngiti ng pag-uyam; naaantig ako sa pagkamasuyo ng isang lalaki na ginagawa ang lahat para makuha ang isang babae. Posible pa rin na ang kanyang masimbuyong pag-ibig ang nagtulak sa kanyang sambahin ang minamahal kong si Kesa ay nakapagdudulot sa akin ng kasiyahan.

Pero mahal ko ba talaga si Kesa? Ang aming pag-iibigan ay maaaring paghiwalayin sa dalawang baitang, ang nakaraan at ang kasalukuyan. Minahal ko siya bago siya ikinasal kay Wataru, o iyon ang aking palagay. Pero ngayong tumitingin ako sa aking puso, nakikita ko na marami akong motibo. Ano ang gusto ko sa kanya? Siya ang klase ng babaeng kinadaramahan ko ng mga hangaring makalaman kahit noong mga panahong ko'y wala pang bahid-dungis. Kung mapapahintulutan ang eksaheradong pahayag, ang pag-ibig ko sa kanya'y hindi hihigit pa sa isang sentimental na bersyon ng motibong nagtulak kay Adan sa piling ni Eba. Malinaw ito sa mga pag-aalinlangan ko na patuloy siyang mahalin kung sakaling ang aking hangarin ay natupad. Bagamat nanatili siya sa isip ko sa sumusunod na tatlong taon pagkaraang maputol ang aming ugnayan, hindi ko tiyakang masasabi na mahal ko siya. Sa kasunod na pakikipag-ugnayan ko sa kanya, ang pinakamalaking ipinagsisisi ko ay iyong hindi ko siya nakilala nang lubos. Pinarurusahan ng kawalang-kasiyahan, nahulog ako sa kasalukuyang relasyon, na gumigimbal sa akin, gayun man, alam kong mangyayari. Ngayo'y itinatanong kong muli sa aking sarili "Mahal ko ba siyang talaga?"

Nang makita ko uli siya tatlong taon pagkaraan, sa pagdiriwang ng Watanabe, ginawa ko ang lahat ng paraan para makita siya nang patago. Sa huli'y nagtagumpay ako. Hindi lang ako nagtagumpay

na makita siya, kundi inangkin ko pa ang kanyang katawan na gaya ng pinapangarap ko. Sa pagkakataong iyon, ang panghihinayang na di ko siya nakilala ng pisikal ay hindi ang tanging nangingibabaw sa akin. Nang maupo ako sa tabi niya sa nababanigang silid ng bahay ni Koromogawa, napansin ko na malaking bahagi ng aking panghihinayang ang naglaho na. Malamang na ang aking hangarin ay pinahina ng pangyayaring hindi na ako malinis. Pero ang pinakapangunahing dahilan ay hindi siya ang inaasahan kong magiging siya. Nang nakaupo kaming magkaharap, natuklasan ko na hindi siya ang imahen ng malabantayog na kagandahang binuo ko sa isip sa nakaraang tatlong taon. Malayo siya sa idolong pinakaasam-asam ko sa aking puso. Ang kanyang mukha, na makapal na nakukulapulan ng matingkad na pulbos , ay pinaghaluan na ng malaking bahagi ng dating kasariwaan at makinis na panghalina. Sa ilalim ng mga mata niya'y nakahugis ang nangingitim na guhit. Ang tanging hindi nagbago sa kanya ay ang kanyang malilinaw, bilog, maiitim na mga mata. Nang makita ko siya sa bagong paninging ito, nagimbal ako, at sa kabila ng aking damdamin ay di ko napigilang iiwas ang aking mga mata.

Kung gayo'y paano ko nagawang makipagtalik sa isang babaeng napakanipis ng pagkakabigkis ko? Una'y itinulak ako ng kakatwang kagustuhan na mapangibabawan ang dating hangarin ng puso ko. Sa pagkakaupong magkaharap, binigyan niya ako ng isang eksaheradong kwento ng kanyang pag-ibig sa kanyang asawa. Wala siyang iniwan kundi hungkag na alingawngaw sa aking tainga. "Mayroon siyang hambog na ideya tungkol sa kanyang asawa," naisip ko. May hinala rin ako na maaaring ito'y tulak ng kanyang kagustuhang huwag nang pagningasin pa ang aking pagnanasa. Kasabay nito, patindi nang patindi ang dating hangarin kong ihantad ang kanyang kasinungalingan. Bakit itinuturing ko iyong kasinungalingan? Kung sasabihin ninyo sa akin, minamahal kong mambabasa, na ang sariling kayabangan ko ang nagtulak sa akin para maghinalang kasinungalingan ang kanyang pahayag, hindi ko maitatatwa ang inyong bintang. Ano't anuman, pinaniniwalaan ko noon at pinaniniwalaan ko hanggang ngayon, na iyon ay kasinungalingan.

Pero hindi ang hangaring makapanlupig ang tanging ngumangatngat sa akin nang mga sandaling iyon. Pinamumulahan akong banggitin ito, pinangibabawaan ako ng pagnanasa. Hindi iyon basta panghihinayang lang na hindi ko nakilala ang kanyang katawan. Iyon ay hamak na pagnanasa mismo na ni hindi nangangailangan na ang kabilang panig ay maging ang babaeng iyon. Marahil ay walang lalaking umarkila ng babae sa bahay sa isang bahay-putahan na magiging mas hamak pa sa akin nang mga sandaling iyon.

Ano't anuman, batay sa ganyang iba't ibang motibo, nagkaroon ako ng relasyon kay Kesa. O, manapa inalisan ko siya ng dangal. Bilang pagbalik sa tanong na binitawan ko, hindi ko na kailangang itanong pa ngayon sa aking sarili kung mahal ko siya. Nang matapos ang lahat, sapilitang ibinangon ko siya sa aking mga bisig, ang babaeng ito na umiiyak na ibinagsak ang kanyang sarili. At nagmukha siyang mas walang dangal sa akin. Ang kanyang nakasabog na buhok at nagpapawis na katawan, ang lahat ay indikasyon ng kapangitan ng kanyang isip at katawan. Hindi kamaliang sabihin na simula nang araw na iyon, sa puso ko'y nagkaroon ako ng bagong pagkamuhi sa kanya. At ngayong gabi'y papatayin ko ang isang lalaking hindi ko kinamumuhian, para sa kapakanan ng babaeng hindi ko iniibig.

"Patayin natin si Wataru, bulong ko sa tainga ni Kesa. Baliw na nga ako para gawin ang napakagarapal na mungkahing iyon. Wala sa loob na inihiga ko sa tainga niya ang nakaraang hangarin ko na hamunin ng labanan si Wataru at pagwagian ang kanyang pag-ibig. Ano't anuman, "Patayin natin si Wataru," bulong ko, at tiyak na tiyak na bumulong ako nang nagtatagis ang mga ngipin, sa kabila ng aking damdamin. Kapag naaalala ko ngayon, hindi ko masasabi kung ano ang nag-udyok sa akin para gawin ang padalus-dalos na bagay na iyon. Ang tanging naiisip ko bilang paliwanag dito ay ginusto kong tagpian ang relasyon sa kasalukuyan, at habang tumitindi ang paghamak at pagkasuklam ko sa kanya, lalo kong kinaiinipan na mawasak ko ang kanyang dangal. Wala nang mas aangkop pa sa mga layuning ito kundi patayin ang asawang ipinangangalandakan niyang mahal niya, at makuha ang

kanyang pagsang-ayon mula sa kanyang pagpapatumpik-tumpik. Kaya tulad sa isang lalaking binbangungot, nakapanaig ako sa kanya na maisakatuparan naming dalawa ang pagpatay na hindi ko gusto. Kung iyon ay hindi sapat para ipaliwanag ang aking motibo sa pagmumungkahing patayin si Wataru, wala nang paliwanag na sapat tangkain, maliban sa isang kapangyarihang banyaga sa mga mortal (marahil ay demonyo o diyablo) ang nagtataboy sa akin sa makasalanang daan. Nagpupumilit at paulit-ulit na ibinulong ko ang ganoo't ganoon ding bagay sa tainga niya.

Sa huli'y nag-angat siya ng mukha at sinabi "Oo, dapat mo ngang patayin si Wataru." Hindi lamang ako nasorpresa sa biglang pagsang-ayon niya, kundi nakakita ako ng mahiwagang kinang sa kanyang mga mata na hindi ko napansin noon. Taksil na babae, iyon ang naging tingin ko sa kanya. Gumuhit sa nag-iinit na utak ko ang iglap na pagkabigo at paghihilakbot at oo, pagkasuklam. Kung maaari lang ay babawiin ko ang pangako ko noon din. Sa gayo'y mapangangalanan ko siyang mang-aapid, at ang aking kunsensiya'y makapagkakanlong sa makatwirang pagngingitngit. Pero hindi ko nagawa. Inaamin ko, agad kung nakita na imposible iyon sa saglit na bigla siyang tumitig sa akin. Nagbago na ang kanyang anyo, na para bang nakita niya ang laman ng aking puso. Nahulog ako sa malungkot na kalagayang pakikipagtipan para paslangin ang kanyang asawa dahil sa takot ko na paghigantihan niya ako kapag nabigo akong tuparin ang aking bahagi sa usapan. Ngayon, ang takot na ito'y mahigpit at matatag na dumaklot sa akin. Magtawa kayo kung ibig ninyo, sa aking karuwagan. Ito ang gawa ng isang hindi nakaaalam kung gaano kahamak ang kanyang kalaguyo. "Kapag hindi ko pinatay ang kanyang asawa, papatayin niya ako sa kahit na anong paraan. Kailangan kong patayin ang kanyang asawa at kung hindi'y papatayin niya ako," desperadong naisip ko, sa pagkakatingin ko sa kanyang walang luha pero umiiyak na mga mata. Pagkatapos kong bitiwan ang aking pangako, hindi ba may nasilip akong ngiti sa kanyang bibig at dahil sa kasumpa-sumpang pangakong ito, idadagdag ko ang krimen na buktot na pagpaslang sa pinakamaitim na pusong maaaring maisip. Kung tatalikuran ko ang nakatakdang pakikipagtipan na magaganap ngayong gabi…. Hindi, ipinagbabawal iyon ng aking pangako. Lagpas ito sa kaya kong batahin. Isa pa, natatakot ako sa kanyang paghihiganti. Totoong-totoo ito. Pero may iba pang nag-uudyok sa akin na gawin iyon. Ano ito? Ano ang malaking kapangyarihang iyon na nagbubunsod sa akin, sa duwag na "ako," para patayin ang isang inosenteng lalaki? Hindi ko masasabi. Hindi ko masasabi. Pero posibleng… Hindi, hindi maaari. Pinandidirihan ko siya. Kinatatakutan ko siya. Kinasusuklaman ko siya. Pero gayunpaman, maaari ring dahil mahal ko siya.

Si Morito, na patuloy sa paglalakad, ay hindi na nagsalita pa. ang pag-awit ng isang balada ay pumailanlang sa gabi.

*Ang isipan ng tao ay nasa dilim, walang ilaw na makapagbigay-liwanag. Nagsisindi ito ng apoy ng makamundong paghahangad, upang humayo at lumitaw, sa loob lang ng isang iglap.*

## IKALAWANG BAHAGI: MONOLOGO NI KESA

*Gabi, sa ilalim ng isang lampara, nakatayo si Kesa, nakatalikod sa ilawan, nag-iisip nang malalim at kagat-kagat ang manggas ng kanyang kimono*.

Darating ba siya o hindi, ewan ko. Imposibleng hindi. Lumulubog na ang buwan, pero walang marinig kahit isang yabag, kaya maaaring nagbago ang isip niya. Kapag hindi siya dumating… Araw-araw akong mabubuhay sa kahihiyan, tulad sa isang puta. Paano ako nalubog sa kahihiyan at kasamaan. Mawawalan ako ng dangal at tatapak-tapakan na lang, sa pagkakabilad ng kahihiyan ko. Gayunman'y kakailanganin kong manahimik na parang pipi. Kapag nagkagayon ay dadalhin ko hanggang kabila ng libingan ang aking pagsisisi. Sigurado akong darating siya. Mula noong nakaraang araw, iyon ang aking pananalig. Natatakot siya sa akin.kinasusuklaman niya ako't pinandidirihan, gayunpaman natatakot siya sa akin. Talaga, kung ang aasahan ko lang ay ang sarili ko, hindi ako makasisiguro sa kanya. Pero

umaasa ako sa kanya. Umaasa ako sa kanyang pagkamakasarili. Umaasa ako sa buktot na takot na pinupukaw ng pagkamakasarili niya.

Pero ngayong hindi ko na magawang umasa sa sarili ko, napakahamak ko nang nilalang! Hanggang noong tatlong taon na ang nakaraan ay may tiwala ako sa aking sarili, at higit sa lahat, sa aking kagandahan. Mas matapat kung sasabihin na "hanggang noong araw na iyon kaysa noong tatlong taon na ang nakararaan." Noong araw na iyon nakita ko siya sa silid ng bahay ng aking tiya, isang sulyap sa kanyang mga mata at nakita ko ang aking kapangitan na nasasalamin sa kaniyang isip. Kinausap niya ako nang masuyo at mapagmahal, na akala mo'y walang problema. Pero paano pa maaaliw ang puso ng isang babae sa sandaling matuklasan niya ang kapangitan ng kanyang pagkatao? Nagimbal ako, nayanig, nagdalamhati. Di-hamak na mabuti pa ang nakasisindak na pagkabalisang dala ng paglalaho ng buwan na nakita ko sa aking kamusmusan sa mga bisig ng aking tagapag-alaga, kung ihahambing sa malamultong pagkalunos na nagpakulimlim sa isipan ko nang mga sandaling iyon. Naglahong lahat ng pangarap at pangitain sa aking puso. Ang kalungkutan ng isang maunos na madaling-araw ay tahimik na bumalot sa akin. Ngatal sa kalungkutan, sa huli ay isinuko ko ang aking katawan, na para na ring patay, sa mga bisig ng lalaking hindi ko iniibig—sa mga bisig ng isang makamundong lalaki na nasusuklam at nandidiri sa akin. Hindi ko na ba makakaya ang aking kalungkutan mula nang buong linaw na maipamukha sa akin ang aking kapangitan? Sinikap ko bang mailibing ang lahat sa hibang na sandaling iyon na sumubsob ako sa kanyang dibdib? O itinutulak din ako ng kahiya-hiyang paghahangad lang na gaya rin niya? Maisip ko lang iyon ay nilulukob na ako ng kahihiyan! Kahihiyan! Lalo na noong ilayo ko na ang aking sarili sa kanyang mga bisig, hiyang-hiya ako.

Ang pagkainis at kalungkutan ay naghatid ng walang katapusang luha sa aking mga mata sa kabila ng pagsisikap ko na huwag umiyak. Hindi lamang ako nagdadalamhati sapagkat nawalan ako ng dangal, higit sa lahat ay nahihirapan ako't nagdudurusa dahil ako'y pinandidirihan tulad sa isang asong ketongin na kinasusuklaman at pinarurusahan. Ano ang aking nagawa mula noon? Ang meron lang ako'y ang pinakamalabong alaala niyon na para bang isa iyong bagay sa malayong nakalipas. Natatandaan ko lang ang kanyang mahabang tinig na bumubulong. "Patayin natin si Wataru," at dumampi sa aking tainga ang kanyang bigote habang ako'y humihikbi. Pagkarinig sa mga salitang ito, kakatwang nakadama ako ng sigla. Oo, sumigla ako't lumiwanag na tulad ng sinag ng buwan, kung ang sinag ng buwan ay matatawag na maliwanag. Bakit hindi, hindi ba ako inaliw ng mga salitang ito? Ay, hindi ba ako – hindi ba ang isang babae'y isang nilalang na nakadarama ng kaligayahan sa pag-ibig ng isang lalaki sukdulang patayin niya ang sarilil niyang asawa?

Nagpatuloy ako sa pagluha sa loob nang may malungkot at masiglang pakiramdam na tulad sa sinag ng buwan. Kailan ako nangakong makipagtulungan sa pagpaslang sa aking asawa?

Noon lamang pumasok sa isip ko ang aking asawa. Matapat kong sinasabing "noon lang". hanggang sa mga oras na iyon, ang isip ko'y buong-buong nakatuon sa aking sarili at sa aking kahihiyan. Pagkaraa'y nakita ko ang larawan ng nakangiting mukha ng aking asawa. Malamang na nang sandaling maalala ko ang kanyang mukha gumuhit sa isip ko ang plano. Nang mga sandaling iyon ay disidido na akong mamatay, at ikinagagalak ko ang aking desisyon. Pero nang huminto na ako sa pag-iyak, nang magtaas ako ng mukha, at tumingala sa kanyang mukha para matagpuan ang kapangitan kong nasasalamin doon, dama ko'y naglahong lahat ang aking kaligayahan.Ipinagunita nito sa akin ang kadiliman ng paglalaho ng buwan na nakita ko kasama ang aking tagapag-alaga. Iyon, tulad nang nangyari, ay iglap na nagpalaya sa lahat ng masamang ispiritung nagtatago sa ilalim ng aking kaligyahan, Dahil nga ba sa pagmamahal ko sa aking asawa kaya mamamatay ako para sa kanya? Hindi, kundi dahil lang sa resonableng pangangatwirang ito, ibig kong pagbayaran ang pagkakasala kong pakikipagtalik sa iba. Dahil walang tapang na magpakamatay, nasa akin ang buktot na hangaring makapag-iwan ng magandang impresyon sa mga tao. Ang kabuktutan kong ito ay maaari na rin sigurong

palampasin. Sa ilalim ng pagkukunwaring mamamatay ako sa aking asawa, hindi ba ako nagpaplanong ipinaghihiganti ang aking sarili laban sa pagkamuhi sa akin ng aking kalaguyo, sa kanyang pandidiri sa akin, sa kanyang buhong na pagnanasa? Pinatutunayan ito ng isang sulyap sa kanyang mukha na pumawi ng mahiwagang kislap na tulad sa mapulang liwanag ng buwan, at nagpalamig sa aking puso sa matinding pagdadalamahti. Mamamatay ako, hindi sa aking asawa kundi para sa aking sarili. Mamamatay ako, para parusahan ang aking kalaguyo sa pananakit niya sa sa aking puso at para sa aking hinanakit at pagdungis niya sa aking katawan. Ay, hindi lang ako walang karapatang mabuhay kundi wala ring karapatang mamatay.

Pero ngayo'y gaano kainam pang mamatay na lang kahit sa pinakakahiya-hiyang paraan, kaysa mabuhay. Nakangiti nang pilit, paulit-ulit kong ipinangako na papatayin namin ang aking asawa. Dahil matalas ang pakiramdam niya, marahil ay natunugan niya sa mga salita ko kung ano ang mangyayari kapag hindi niya tinupad ang kanyang pangako. Kaya mukhang imposible na pagkatapos niyang mangako ng ganoon ay aatrasan niya iyon. Tunog ba iyon ng hangin? Kapag naiisip ko na ang mga dinaramdam ko mula noong araw na iyon ay matatapos na sa wakas ngayong gabi, nakakahinga ako. Tiyak na ang bukas ay maghuhunos ng kanyang malamig maliwanag sa aking katawang walang ulo. Kapag nakita iyon ng aking asawa, siya'y… hindi, hindi ko siya naiisip. Mahal ako ng aking asawa. Pero wala akong lakas gantihan ang kanyang pag-ibig. Isang lalaki lang ang maaari kong mahalin. At ang lalaking iyon ay darating ngayong gabi para patayin ako. Kahit ang gaserang ito'y napakaliwanag para sa akin, akong pinahihirapan ng aking mangingibig.

Hinipan ni Kesa ang ilawan. Hindi nagtagal at narinig ang mahinang tunog ng isang nabuksang kandado, at bumaha sa loob ang mapulang sinag ng buwan.

**3. Linangin mo..**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

Ipaliwanag mo ang mga pahiwatig/parirala ayon sa pagkakagamit sa akda.

1. isinuko ang aking katawan

2. pinaglahuan ng malaking bahagi ng dating kasariwaan

3. makinis na panghalina

4. ang aking konsiyensiya'y makapagkakanlong sa makatwirang pagngingitngit

5. ibinagsak ang kanyang sarili

MGA PAGPIPILIAN

a. kagandahang pisikal na malakas ang pang-akit

b. ibinigay o ipinagkaloob ang sarili

c. ipinahamak ang sarili

d. natatakpan ng galit na nararamdaman ang budhing umuusig

e. wala na ang dating kabataan sa kanyang anyo

Pangkatin mo ang magkakasama o magkakaugnay na salita.

| | | |
|---|---|---|
| panghihinayang | panibugho | paagkainip |
| karumal-dumal | pagkatakot | pagkamasuyo |
| maliwanag | sumisindak | masimbuyo |
| pagkamuhi | nagwawasak | taksil |
| nasusuklam | kinikilabutan | malinis |

| Pandamdamin | Panlarawan |
|---|---|
| | |

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

| Mga Tanong | Morito | Kesa |
|---|---|---|
| 1. Ano ang nagbunsod sa mga tauhan upang magtalik?<br>2. Ano ang epekto kina Morito at Kesa ng kanilang pagtatalik?<br>3. Mahal ba ni Morito si Kesa? Patunayan<br><br>Mahal ba ni Kesa si Morito? Patunayan<br><br>4. May nagustuhan ka ba sa ating mga tauhan?<br><br>5. Ano ang ayaw mo sa kanila? | | |

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Sa nakaraang aralin ay natutunan mo na kung paano magsuri batay sa teoryang feminismo.


Sa gawaing ito'y muli mong susuriin ang katauhan ng pangunahin nating tauhan.

Sa tulong ng fan fact analyzer sagutin ang mga sumusunod na katanungan tungkol sa pagkatao ni Kesa.

1. Anong bahagi sa akda ang nagpapakita ng kahinaan ni Kesa?

2. Aling bahagi naman ang nagpapakita ng kalakasan ni Kesa?

3. Tukuyin ang mga bahaging nagpapakita ng transpormasyon o pagbabago ni Kesa.




## d. Halagang Pangkatauhan

Katanggap-tanggap ba sa iyo ang mga sumusunod? Ipaliwanag ang sagot

1. Pangangaliwa ng mga babaeng may asawa kung hindi na siya masaya sa piling ng kanyang asawa

2. Magpamakamatay upang makaiwas sa sobrang kahihiyan

Nagawa mo ba ang lahat ng pagsasanay? Iwasto mo ang mga naging sagot mo sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iyong sagot ay malapit sa tamang sagot, ito'y katanggap-tanggap.

**4. Palalimin mo…**

Kung ikaw ay susulat o bubuo ng pamantayan para sa mga babaeng may-asawa anu-anong tuntunin ang isusulat mo? Bumuo ka ng kahit  hanggang limang pamantayan.

Iwasto mo ang iyong sagot, kung ito'y malapit sa tamang sagot, katanggap-tanggap ito.

**5. Gamitin mo …**

Sagutin mo kung **tama** o **mali** ang mga sumusunod na pahayag

a Kung ako si Kesa iiwan ko na ang aking asawa at sasama na ako nang tuluyan kay Morito.

b. Kung ako kay Morito kakalimutan ko na ang usapan namin ni Kesa at lalayo na lang ako.

c. Kung ako kay Wataru bibigyan ko nang isa pang pagkakataon si Kesa sa pangakong di na mauulit ang pagkakamali.

d. Kung ako si Kesa magpapakamatay ako para di na marinig ang sasabihin ng iba

e. Kung ako si Morito papatayin ko si Wataru para wala nang hadlang sa amin ni Kesa


f. Kung ako si Wataru palalayasin ko na si Kesa at uunahang patayin si Morito

g. Kung ako si Kesa ipagtatapat ko ang lahat sa aking asawa at hihingi ako ng tawad sa aking pagkakamali

**6. Sulatin mo..**

Isulat mo ang pagkakaiba ng mga babae noon at ngayon sa tulong ng dayagram sa ibaba

Noon Ngayon



Tingnan mo ang sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Kung malapit ang mga ito sa tamang sagot ay tatanggapin ito.

**7. Lagumin mo…**

Lagyan ng tsek (/) ang ideyang nakapaloob sa akda at ekis ( x ) ang hindi

________1. Papatayin ni Morito si Wataru

______ 2. Apat na taon ang nakalipas bago muling nagkita sina Kesa at Morito

________3. Legal na mag-asawa sina Kesa at Wataru

________4. Makalipas ang ilang taon mga mata lamang ni Kesa ang di nagbago

________5. Mahal ni Morito si Kesa

________6. Biyuda si Kesa

________7. Kumakanta ng oyayi si Kesa habang gumagawa ng gawaing-bahay

Iwasto mo ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro.

**8. Subukin mo ….**

Halika.Tingnan natin kung hanggang saan ang iyong natutunan. Heto ang inihanda kong. pangwakas na pagsusulit

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot

1. Ano ang nais ipahatid ng mga katagang “Masama ang magnakaw ng oras”

   a. ang panahon ay mahalaga
   b. ang oras ay mananakaw din
   c. mabilis ang pagdaraan ng mga oras
   d. ang nagdaang oras ay di na maibabalik

2. Ano ang nais ipahayag ng dayalog na "Kung alin ang bawal, siyang masarap"

a. gumawa kahit bawal
b. masayang gawain ang ipinagbabawal
c. kung ano ang hindi pinahihintulutan siyang nais niya
d. masarap ang bawal n a gawain

3. Ano ang damdaming napapaloob sa pahayag ni Morito sa "Papatayin ko ang lalaking di ko kinamumuhian?

a. pagkagalit
b. pagkamuhi
c. kalungkutan
d. panghihinayang

4. Ano ang nangingibabaw na damdamin sa akda?

a. pag-ibig
b. kalungkutan
c. pagkaapi
d. pagkaawa

5. Ilang taon ang lumipas bago muling nagkita sina Kesa at Morito?

a. 2 taon
b. 3 taon
c. 4 taon
d. 10 taon

6. Ano lamang ang hindi nagbago kay Kesa makalipas ang ilang taon?

a. ilong
b. mata
c. bibig
d. dibdib

7. Kapag hindi siya dumating……Araw-araw akong mabubuhay sa kahihiyan, tulad sa isang puta "Mahihinuhang si Kesa ay

a. nalulungkot
b.nagagalit
c. nagrerebelde
d. nangangamba

8. Sa huli'y isinuko ko ang aking katawan, na para ring patay, sa mga bisig ng isang lalaking hindi ko inibig. Anong uri ng pagkatao mayroon si Kesa batay sa pahayag?

a. mahina
b. mahinahon
c. mapagbigay
d. mapusok

9. Paano mapag-iingatan ang dangal ng isang babaeng may-asawa?

a. asikasuhin ang mga gawaing bahay
b. ikulong ang sarili sa loob ng bahay
c. dumalo sa mga sosyalan upang di mainip sa bahay
d. makipagtextmate at huwag na lang lumabas ng bahay


10. Anong aral o kaisipan ang makukuha sa akda ?

a. kung saan ka maligaya iyon ang dapat mong gawin
b. ingatan ang pisikal na anyo upang mapanatili ang kasariwaan
c. makasampung beses mo munang isipin bago gawin ang isang bagay
d. lahat ng nasa itaas


Iwasto mo ngayon ang iyong sagot sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Kung ang iyong iskor ay 7 – 10 ay sagutan mo na ang panghuling pagsubok. Kung 6 naman pababa isagawa mo pa ang susunod na gawain

**9. Paunlarin mo…..**

Bakit papatayin ni Morito si Wataru? Bakit gustong mamatay ni Kesa? Isulat ang sagot sa tamang espasyo na parang sina Morito at Kesa ang nagsasalita.



Morito



Kesa

Iwasto mo ang nabuo mong dayalog sa susi ng pagwawasto na nasa iyong guro. Mataas ba ang iyong nakuha? Magaling

.

## VII. Gaano ka na kahusay?

Matapos ang maraming gawain at pagsasanay na ibinigay ko sa iyo, sagutan mo naman ang panghuling pagsubok upang malaman ko kung gaano ang matututunan mo sa modyul na ito.

O, handa ka na ba?

Simulan mo na

Panuto: Basahin at unawain mo ang sumusunod na mga tanong. Titik lamang ang isulat.

1. Nasindak ang mundo….naging usap-usapan ang krimeng iyon na dito'y wala pang nakagagawa

   a. mga bansa
   b. buong pamilya
   c. mga ninuno
   d. taumbayan

2. Nang tumuntong ako ng ikalabin-dalawang taong gulang, ako ay itinali sa bahay. Kinakailangang ikahon ako.

   a. ikulong
   b. itago
   c. ihandog
   d. patayin

3. Isipin na lamang kung ang kamay na ito'y namula sa dugo. Anong kasumpa-sumpang nilalang ang magiging tingin sa akin?

   a. nakapatay
   b. nagbabad
   c. nagkatay
   d. nasugatan

4. Ilang taon ang prinsesa bago inihandog ang kaniyang kalayaan?

   a. 12
   b. 14
   c. 16
   d. 17

5. Saan muling nagkita si Kesa at Morito?

   a. sa tulay ng Watanabe
   b. sa tulay ng Quezon
   c. sa ilog ng Davao
   d. sa malayong lugar

6. Ano ang binabalak ni Kesa at Morito kay Wataru?

   a. maging masaya
   b. ihulog sa tulay
   c. patayin
   d. magkautang

7. Anong uri ng katauhan mayroon ang prinsesa batay sa nilalaman ng kanyang liham?

   a. liberal
   b. mapanibughuin
   c. masunurin
   d.. matapang

8. Anong kahinaan ang ipinakita o ipinamalas ni Kesa sa akda?
   a. mahina sa tukso
   b. mahina sa tawag ng laman
   c mahina sa paglutas ng suliranin
   d. lahat ng nasa itaas

9. Kung ikaw ang may akda hahayaan mo bang sapitin ng prinsesa ang pagdurusang ito?

   a. Oo, para mas mabuti sa katauhang binibigyang diin sa akda
   b. Hindi, dahil makasisira lamang ito sa kanya
   c. Oo, upang maipahayag ang tunay na diwa ng kuwento
   d. Hindi, dahil pampagulo lamang ito

10. Kung ikaw si Kesa ano ang iyong gagawin upang di na makita pa si Morito?

    a. lumipat ng tirahan
    b. magtago sa loob ng bahay at di lumabas
    c. patayin siya
    d. magpakamatay

Iwasto mo ang iyong sagot sa susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

## SUSI SA PAGWAWASTO

Aralin 1
Ano ba ang alam mo?

1. a
2. b
3. a
4. a
5. b
6. b
7. b
8. d
9. d
10. c

Alamin mo..

a.

A-moderno
B-Primitibo
C-Modernong Primitibo

b. Oo maituturing ko na ako'y isang modernong tao sapagkat may pag-iisip akong liberal o malaya akong nakapag-iisip nang gusto ko at ayaw ko. Sunod ang gusto ko sa takbo ng panahon. Masaya ako sa ginagawa ko at di ako kailangan maging sunud-sunuran sa nais o gusto ng iba.

Linangin mo.

a. Pagsusuring Panglinggwistika

   1. c
   2. a
   3. b
   4. d
   5. g
   6. e
   7. f

b. Pagsusuring Pangnilalaman:
   Pagkuha ng detalye
   1. Ang bunso sa 3 nakatatandang kapatid ng Prinsesang Javanese ay nag-aaral sa Netherlands at doon din naglilingkod bilang sundalo ang dalawa

2. Hindi siya nasisiyahan.Sa katunayan ibig na ibig niyang makakilala ng isang babaeng moderno sapagkat sila'y nakatali sa kanilang lumang tradisyon na hindi niya magawang suwayin dahil sa pagmamahal niya sa kanyang mga magulang. Ngunit gustung-gusto niyang makalaya sa mga nakagisnan niyang kultura tulad ng mga modernong kababaihan.

3. Ang prinsesa'y walang magawa sa kanilang lumang tradisyon o kinagisnang paniniwala dahil na rin sa pagmamahal na iniuukol niya at sa kanya ng mga pinagkakautangan niya ng buhay, mga taong nararapat niyang pasalamatan.

c. Pagsusuring Pampanitikan

1. e
2. b
3. a
4. c
5. d

Ibig na ibig ng Prinsesang makakilala ng babaeng moderno

Gusto ng Prinsesang ipagkaloob ang sarili sa mga babaeng taga Europa

Isang taong gustong makawala sa tradisyong kinagisnan

May pang-akit sa pandinig niya mula pa noong bata ang emansipasyon

Naniniwala siyang hindi lang ang mga lalake ang nag-aaral pati mga babae rin

d. Halagang Pangkatauhan:

1. Para sa akin tama, gusto kong malaman, para mapag-aralan rin ang kanilang paniniwala, karanasan na di ko nalasap sa aking buhay.

2. Oo, dahil gusto kong malaman nila kung anong damdamin ng isang taong walang kalayaan at baka sakaling magising sila at makita rin ang mga babae sa lipunan.

Palalimin mo ……

| | |
|---|---|
| 1. a____x____ | 2. a. ____/____ |
| b____/____ | b ____x____ |
| c.___x_____ | c. ___x____ |
| d. ___x____ | d. ___/____ |
| e. ___/____ | e. ___/____ |
| f. ___/____ | f. ____x___ |

Gamitin mo ……….

A, B, D, E, F, H

Sulatin mo …….

Ang Pangulong Gloria Macapagal Arroyo

Mabuting ina at asawa, ganyan ang ating mahal na Pangulong Gloria Macapagal Arroyo. Sa kabila ng pagiging abala niya bilang pangulo ng ating bayan di pa rin niya kinakalimutan ang kanyang tungkulin sa tahanan. Ang pag-aasikaso sa pangangailangan ng kanyang mga anak at asawa lalo't sa sandali ng problema ay kasama lagi sa kanyang prayoridad. Isang pagpapatunay ay nang masangkot sa eskandalo ang kaniyang panganay at ang unang Ginoo Mike Arroyo. Kapwa niya di iniwan ang mga ito. Naroon siya upang damayan at magbigay ng payo.

Lalong kahanga-hanga siya bilang ina ng atin bayan; dahil sa kabila ng krisis sa buong mundo'y naroroon siya't naghahanap ng lunas at paraan upang makabawas man lang kahit konti sa bigat ng mga problemang pasan ng sambayanang Pilipino. Marami-rami na rin siyang nagawa bilang pangulo, mga proyektong nakatulong nang malaki sa pag-unlad ng bayan natin at maging sa pag-usad ng ating buhay. Bilang lider ng ating bansa'y pilit siyang gumagawa at nagtatrabaho para sa ikagiginhawa ng bawat Pinoy.

Mabait, masipag, matalino't maabilidad, yan ang ating pangulo. Naturingang babae ngunit di basta-basta matutumba ng kahit na anong pagsubok ang dumating at darating sa kanyang buhay, bilang maybahay man o maging pinuno ng ating bansa. Marahil kundi dahil sa kanyang mahusay na pamamahala matagal na sigurong bumagsak ang ating bayan.

Saludo ako sa iyo GMA

Lagumin mo……

A, B, D, F, G

Sabihin mo….

| | |
|---|---|
| 1. d | 6. c |
| 2. b | 7. d |
| 3. a | 8. b |
| 4. a | 9. b |
| 5. c | 10. b |

Paunlarin mo….

1. Ano pa ang silbi ng isang nilalang kung walang kalayaang taglay
2. Ang di pantay na pagtingin ay maaaring magresulta ng pagrerebelde.

Aralin 2 Si Kesa at Morito

Alamin mo…….. Sanhi

a.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pagtataksil ng babae sa asawa | bisyo | di mahal ang asawa | walang oras sa pamilya |
| | Problemang pinansiyal | madalas na pag-aaway | napabayaan ang pamilya |

b. Hindi tama ang gumawa ng mga bagay na labag sa batas lalo't higit sa batas ng ating Panginoon. Kung sakaling may pagkukulang ang asawa'y pag-usapan na lang upang di masira ang tahanan.

Linangin mo…….
Pagsusuring Panglinggwistika…..

a.

| | |
|---|---|
| 1. b | 4. d |
| 2. e | 5. c |
| 3. a | |

b.

| Pandamdamin | Paglalarawan |
|---|---|
| panghihinayang | karumal-dumal |
| pagkamuhi | maliwanag |
| nasusuklam | nagwawasak |

panibugho
pagkatakot
sumisindak
pagkainip
kinikilabutan
pagkamasuyo
masimbuyo
taksil
malinis

Pagsusuring Pangnilalaman

| Morito | Kesa |
|---|---|
| 1. Matagal na niyang gusto si Kesa naunahan lang siya ni Wataru. | 1. Hindi niya mahal ang asawa |
| 2. Napatunayan niyang di pala niya talagang mahal si Kesa at humahanga lamang siya o naakit lamang siya ng panlabas na katangian nito. | 2. Inuusig siya ng kanyang budhi |
| 3. Hindi niya mahal si Kesa. Nagbago ang tingin niya rito nang makasama niya at makita niya nang walang ayos ito. Nag-aalangan din siyang sundin ang utos nitong patayin si Wataru. | 3. Hindi niya mahal si Morito dahil mas ginusto pa niyang magpakamatay kaysa sumama siya rito ng tuluyan. |
| 4. Wala akong makitang magandang katangian kay Morito maliban sa kahit paano'y nag-iisip siya kung dapat o di dapat niyang patayin si Wataru na wala namang kasalanan sa kanya. | 4. Nagustuhan ko ang ginawa niyang di niya tuluyang hinayaang mamatay si Wataru. At kahit paano'y tinanggap niya ang kamaliang kanyang nagawa. |
| 5. Siya ang tipo ng lalaking tumitingin sa panlabas na anyo. Isa pang ayaw ko sa kanya'y wala siyang respeto sa kanyang kapwa, alam na niyang may asawa si Kesa inangkin pa rin niya ito. Sinamantala niya ang kahinaan nito. | 5. Mahina siya sa tukso, sana'y nag-isip muna siya bago niya ibinigay ang kanyang katawan sa di niya asawa. |

Pagsusuring Pampanitikan..

## Si Kesa

| Kahinaan | | Kalakasan | | Pagbabago | |
|---|---|---|---|---|---|
| pagtataksil sa asawa | di matanggap ang kahihiyang ginawa | inamin ang ginawa pagkakamali | Iniligtas sa tiyak na kamatayan ang asawa | pinagsisihan niya ang pagtataksil sa asawa | pinapatay niya ang sarili sa halip na asawa |

Halagang Pangkatauhan

1. Hindi ito katanggap-tanggap labag ito sa batas higit sa lahat kasalanan ito sa Diyos. Pag-usapan ang anumang problema.

2. Hindi tama ang pagpapakamatay hindi ka rin matatahimik sa kabilang buhay. Mas magandang harapin ang anumang mangyayari at magpakatatag.

Palalimin mo (Form A Rule )

a. Bawal lumabas o sumama sa ibang lalaki nang nag-iisa maliban sa iyong asawa o kapamilya.

b. Ilabas o ipasyal ang maybahay kahit minsan isang buwan.

c. Ibigay ang lahat ng kita sa maybahay at hayaang siya ang magbadyet maging ang pangangailangan o gastusin ng asawa upang maiwasan ang "beerhouse" at iba pang pagpunta sa kaugnay na lugar.

d. Bitay sa mga lalaking nananakit ng asawa o nang-aabuso rito.

e. Magkapantay na pagtatrabaho ng mag-asawa sa gawaing bahay lalo't ang maybahay ay nagtatrabaho rin o kung walang pasok ang mister.

Gamitin mo….

a. mali
b. tama
c. tama
d. mali
e. mali
f. mali
g. tama

Sulatin mo….

| Noon | Ngayon |
|---|---|
| pantahanan | nagtatrabaho |
| konserbatibo | moderno, liberal |
| Sumusunod sa lahat ng gusto ng asawa | lumalaban sa asawa sinasabi ang nais na mangyari sa asawa |

Babae

Lagumin mo…

1. /
2. /
3. /
4. /
5. x
6. x
7. x

Subukin mo…

1. d
2. b
3. d
4. b
5. b
6. b
7. d
8. a
9. a
10. c

Paunlarin mo……

Kapag nalaman ang pagtataksil namin ni Kesa baka ako ang kanyang mapatay kaya kailangang patayin ko siya.

Morito

Gusto ko nang mamatay
magpapakamatay na lang ako
kaysa mabilad ako sa kahihiyan
di ko kayang tanggapin
ang ang sasabihin ng tao.

Kesa

Gaano Ka kahusay?

1. b
2. a
3. a
4. c
5. a
6. c
7. d
8. d
9. c
10. a

| Modyul Blg. | Mga Kasanayan | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Pampanitikan | Pamagat | Genre |
| | | | | | | |
| 2 | | | | | | |
| | Naipaliliwanag | Nabibigyan- | Nakasusulat ng i | Nasusuri ang | Kay | Liham |
| | ang | kahulugan ang | isang talata | akda batay sa | Estella | |
| | kahalagahan ng | mga pahayag | tungkol sa | paglalarawan ng | Zeehandelaar | |
| | pagmamala- | at mga salita | paglalarawan | tauhang babae | | |
| | sakit sa | na ginamit sa | ng katangian | sa akda | | |
| | karapatan ng | akda | ng kadakilaan | | | |
| | kapwa | | ng isang | | | |
| | | | babae | | | |
| | | | | | | |
| | | Natutukoy ang | | | | |
| | | mahahalagang | | | | |
| | | detalye at | | | | |
| | | kaisipan sa | | | | |
| | | akda | | | | |
| | | | | | | |
| | Natutukoy ang | Naibibigay ang | Naisusulat ang | Nasusuri ang | Si Kesa at | Maikling |
| | kahalagahan | kahulugan ng | tungkol sa | kwento batay | Si Morito | Kwento |
| | ng pag-iingat sa | pahiwatig sa | pagkakaiba ng | sa paglalarawan | | |
| | dangal o | akda | mga babae | ng tauhang | | |
| | kapurihan ng | | noon at ngayon | babae at lalaki | | |
| | isang tao | | | | | |
| | | Nailalahad ang | | | | |
| | | mahahalagang | | | | |
| | | impormasyon | | | | |
| | | ukol sa kwento | | | | |
| | | | | | | |